Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

7/6

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG HULYO 20, 2009, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:40 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang ALAN T. PAMATMAT | ..... | PANGALAWANG PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. de Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Romulo A. Elca | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Roselon F. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Angelito U. Limjuco | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Oscar F. Feliciano | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Isagani R. Malapaya | ..... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |

DI-DUMALO:

Kagalang-galang John Carlos C. delos Reyes . Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan

### KAPASIYAHAN BLG. 142-T2009

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 76-T'09 NG KGG. SANGGUNIANG BARANGAY NG PAGSAWITAN NA NAGKAKAHALAGA NG PITUMPU'T ISANG LIBO TATLONGDAAN APATNAPU'T LIMANG PISO (Php71,345.00) MULA SA KAGAWARAN NG BADYET AT PAMAMAHALA SA PAMAMAGITAN NG PROYEKTONG KILOS-ASENSO SUPPORT FUND UPANG ILAAN SA WATER PUMP (Php40,000.00), DAY CARE CENTER FENCING (Php15,000.00) AT PAGPAPAGAWA AT MENTINANSYA NG PASILIDAD (Php16,345.00) NG NABANGGIT NA BARANGAY.**

**SAPAGKA'T,** iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 095-T'09/Kautusan sa Paglalaan Blg. 076-T'09 ng Sangguniang Barangay ng Pagsawitan na nagkakahalaga ng Php71,345.00 mula sa Kagawaran ng Badyet at Pamamahala sa pamamagitan ng proyektong Kilos-Asenso Support Fund upang ilaan sa water pump (Php40,000.00), Day Care Center Fencing (Php15,000.00) at Pagpapagawa at Mentinansya ng pasilidad (Php16,345.00) ng nabanggit na barangay.

**SAPAGKA'T,** ang nasabing kahilingan ay napaliwat sa Lupon sa Pananalapi para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKA'T,** matapos ang pagsusuri at pag-aaral ng mga kasapi ng naturang lupon sa paglilipat at paglalaan ng pondo ng nabanggit na barangay ay inirekomendang pagtibayin na ito.

**SAPAGKA'T,** *lahat ng mga laang gugulin ng barangay ay itinatagubiling iayon sa mga tuntunin* sa pagbabadyet, pagtutuos at pag-a-awdit.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Louie C. de Leon (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi), na pinangalawahan ng mga Kagalang-galang Kagawad *Romulo A. Elca at Ramon D. Tan at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y* kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kautusan sa Paglalaan Blg. 076-T'09 ng Sangguniang Barangay ng Pagsawitan na nagkakahalaga ng Php71,345.00 mula sa Kagawaran ng Badyet at Pamamahala sa pamamagitan ng proyektong Kilos-Asenso Support Fund upang ilaan sa water pump (Php40,000.00), Day Care Center Fencing (Php15,000.00) at Pagpapagawa at Mentinansya ng pasilidad (Php16,345.00) ng nabanggit na barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay Pagsawitan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

Alan T. Pamatmat
NAGPATOTOO: **ALAN T. PAMATMAT**
Pangalawang Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: **ARIEL V. MAGCALAS**
Punong Bayan